# Ang Epekto ng Pagkabuhay ni Cristo

"1 At nang makaraan ang sabbath, si Maria Magdalena, at si Mariang ina ni Santiago, at si Salome, ay nagsibili ng mga pabango, upang sila'y magsiparoon at siya'y pahiran. 2 At pagkaumagang-umaga nang unang araw ng sanglinggo, ay nagsiparoon sila sa libingan nang sikat na ang araw. 3 At kanilang pinaguusapan, Sino kaya ang ating mapagpapagulong ng bato mula sa pintuan ng libingan? 4 At pagkatingin, ay nakita nilang naigulong na ang bato: sapagka't yao'y totoong malaki. 5 At pagkapasok sa libingan, ay kanilang nakita ang isang binata na nakaupo sa dakong kanan, na nararamtan ng isang damit na maputi; at sila'y nangagitla. 6 At sinabi niya sa kanila, Huwag kayong mangagitla: hinahanap ninyo si Jesus, ang Nazareno, na ipinako sa krus: siya'y nagbangon; wala siya rito: tingnan ninyo ang dakong pinaglagyan nila sa kaniya! 7 Datapuwa't magsiyaon kayo, sabihin ninyo sa kaniyang mga alagad at kay Pedro, Siya'y nangunguna sa inyo sa Galilea: doon siya makikita, ayon sa sinabi niya sa inyo. 8 At sila'y nagsilabas, at nagsitakas mula sa libingan; sapagka't sila'y nagsipangilabot at nangagitla: at hindi sila nangagsasabi ng anoman sa kanino man; sapagka't sila'y nangatatakot.9 Nang siya nga'y magbangon nang unang araw ng sanglinggo, ay napakita muna siya kay Maria Magdalena, na sa kaniya'y pitong demonio ang pinalabas niya. 10 Siya'y yumaon at ipinagbigay alam sa mga naging kasamahan ni Jesus, samantalang sila'y nangahahapis at nagsisitangis. 11 At sila, nang kanilang mabalitaan na siya'y nabuhay, at nakita ni Magdalena, ay hindi sila nagsipaniwala.12 At pagkatapos ng mga bagay na ito ay napakita siya sa ibang anyo sa dalawa sa kanila, nang sila'y nangaglalakad na patungo sa bukid. 13 At sila'y nagsiyaon at ipinagbigay-alam ito sa mga iba: at kahit sa kanila'y hindi rin sila nagsipaniwala. 14 At pagkatapos siya'y napakita sa labingisa samantalang sila'y nangakaupong nagsisikain; at pinagwikaan sila sa kawalan nila ng pananampalataya at katigasan ng puso, sapagka't hindi sila nagsipaniwala sa nangakakita sa kaniya pagkatapos na siya'y magbangon. 15 At sinabi niya sa kanila, Magsiyaon kayo sa buong sanglibutan, at inyong ipangaral ang evangelio sa lahat ng kinapal. 16 Ang sumasampalataya at mabautismuhan ay maliligtas; datapuwa't ang hindi sumasampalataya ay parurusahan. 17 At lalakip ang mga tandang ito sa magsisisampalataya: mangagpapalabas sila ng mga demonio sa aking pangalan; mangagsasalita sila ng mga bagong wika; 18 Sila'y magsisihawak ng mga ahas, at kung magsiinom sila ng bagay na makamamatay, sa anomang paraan ay hindi makasasama sa kanila; ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga may-sakit, at sila'y magsisigaling.19 Ang Panginoong Jesus nga, pagkatapos na sila'y mangakausap niya, ay tinanggap sa itaas ng langit, at lumuklok sa kanan ng Dios. 20 At nagsialis sila, at nagsipangaral sa lahat ng dako, na gumagawang kasama nila ang Panginoon, at pinatototohanan ang salita sa pamamagitan ng mga tandang kalakip. Siya nawa." (Marcos 16:1-20)

"1 At Nang makaraan ang sabbath,si Maria Magdalena at si Mariang ina ni Santiago, at Salome, ay nagsibili ng mga pabango,upang sila'y magsiparoon at siya'y pagitan." (Marcos 16:1) Dito ang mga babae ay hindi pumunta sa puntod bago ang pagtatapos ng sabbath dahil sinusunod nila ang batas ng Diyos. Kailangan natin magtrabaho ng anim na araw at magpahinga sa ikapitong araw na ipinagutos ng Diyos sa atin sa Kanyang Salita. Kailan nila dinala ang mga pabango? Malamang bago magsimula ang sabbath sa gabi ng Biyernes, o pagkatapos ng katapusan ng sabbath sa gabi ng Sabado. Para saan ang mga pabango? Para pahiran ang katawan ni Jesus, na siya din ipinahid ni Jose na taga Arimatea at Nicodemo na dinala para pahiran na mababasa natin sa Juan 19:38-40 "38 At pagkatapos ng mga bagay na ito si Jose na taga Arimatea, palibhasa'y alagad ni Jesus, bagama't lihim dahil sa katakutan sa mga Judio, ay namanhik kay Pilato na makuha niya ang bangkay ni Jesus; at ipinahintulot ni Pilato sa kaniya. Naparoon nga siya, at inalis ang kaniyang bangkay. 39 At naparoon naman si Nicodemo, yaong naparoon nang una sa kaniya nang gabi, na may dalang isang pinaghalong mirra at mga aloe, na may mga isang daang libra. 40 Kinuha nga nila ang bangkay ni Jesus, at binalot nila ng mga kayong lino na may mga pabango, ayon sa kaugalian ng mga Judio sa paglilibing." Iyan ang tradisyon ng mga Judio para hindi lumabas ang mabahong amoy mula sa libingan. Ang babae ay pumunta upang pahiran ang libingan kung saan nakalagay si Jesus dahil ang katawan ay napahiran na. Pumunta sila para dagdagan pa ng pabango na insenso. Sangayon sila na pumunta sa Panginoon ng may mabuting hangarin at kagustuhan na maglaan at gawin ang kinakailangan sa layon ng kanilang nalalaman. Nalalaman natin na ang mga ito ay hindi kailangan na gawin natin, ngunit ang tuntunin sa likod ng lahat ng ito, ay parangalan ang Diyos sa ating buhay na ito dapat ang maging kawikaan para tayo'y mabuhay. Narito din para tayo ay matuto na huwag itaguyod ang pagsusunog ng katawan, na ating natutunan mula sa Kasulatan, na ang patay na katawan ay kailangan ilibing at huwag sunugin, na hindi pangkariwan na maging seryosong bagay na kung saan malaman natin yaon sa sinabi sa Banal na Kasulatan sa atin na ang masasamang tao ang kanilang buto ay susunugin.

"2 At pagkaumagang-umaga Nang unang araw ng sanlinggo,ay nagsiparoon sila sa libingan nang sikat na ang araw." (Marcos 16:2) Sila'y gumising ng napkaaaga para pumunta kay Cristo at parangalan Siya. Sa ngayon ang tao ay sangayon na gumising ng maaga para pumunta sa picnic, pumunta sa pagsusulit, pumunta sa trabaho at sa negosyo, ngunit kung sasabhin mo pumunta sa Diyos, sasabihin nila matulog tayo, ito lamang ang araw na makakapahinga tayo. Sila'y gumawa ng plano na pagsikat ng araw, sila'y nasa puntod na ni Jesus. Pagpunta sa Panginoon ay karangalan at gantimpala mula sa Diyos.

"3 At kanilang pinaguusalan,Sino kaya ang ating magpapagulong ng bato mula sa pintuan ng libingan?" (Marcos 16:3) Ang suliranin na kanilang kinakaharap ay kung sino ang magaalis ng malaking bato mula sa pintuan ng libingan. Nakita nila si Jose papunta sa bukana, kaya ngayon sila nagdadalamhati kung sino ang tutulong sa kanila para malampasan nila ang balakid na ito. Ang balakid sa buhay ay dumarating ngunit hangga't tayo ay masigasig na kumikilos patungo sa Diyos, Siya ay gagawa ng paraan at lulutasin iyon, sa ating pagkakabatid sa sitwasyong ito, ipinadala ng Diyos ang Kanyang anghel at pinagulong ang mga bato na mababasa natin sa Mateo 28:1-2 "1 Nang magtatapos ang araw ng sabbath, nang nagbubukang liwayway na ang unang araw ng sanglinggo, ay nagsiparoon si Maria Magdalena at ang isa pang Maria upang tingnan ang libingan. 2 At narito, lumindol ng malakas; sapagka't bumaba mula sa langit ang isang anghel ng Panginoon, at naparoon at iginulong ang bato, at nakaupo sa ibabaw nito.." Ngayon ang ibang balakid na naroon ngunit hindi sumagi sa kanilang isipan na isipin ang tungkol sa tatak at tagabantay sa unahan dahil maayos din ang pagkakaayos na mababasa natin sa Mateo 27:62-66, "62 Nang kinabukasan nga, na siyang araw pagkatapos ng Paghahanda, ay nangagkatipon kay Pilato ang mga pangulong saserdote at ang mga Fariseo, 63 Na nagsisipagsabi, Ginoo, naaalaala namin na sinabi ng magdarayang yaon nang nabubuhay pa, Pagkaraan ng tatlong araw ay magbabangon akong muli. 64 Ipagutos mo nga na ingatan ang libingan hanggang sa ikatlong araw, baka sakaling magsiparoon ang kaniyang mga alagad at siya'y nakawin, at sabihin sa bayan, Siya'y nagbangon sa gitna ng mga patay: at lalong sasama ang huling kamalian. 65 Sinabi sa kanila ni Pilato, Mayroon kayong bantay: magsiparoon kayo, inyong ingatan ayon sa inyong makakaya. 66 Kaya't sila'y nagsiparoon, at iningatan nila ang libingan, tinatakan ang bato, na kasama nila ang bantay. Kaya dito, wala silang alam sa ganitong balakid ngunit inalis din ito ng Diyos. Ano ang ibig kong sabihin dito ay kung ilalagay natin ang ating pag-asa sa Diyos, pagkatiwalaan Siya, at gawin ang lahat ng ating makakaya para Siya'y paglingkuran, Siya mismo ang lulutas sa maraming balakid at mamahala sa kanila at Hindi Niya tayo aabalahin sa mga balakid.

"4 At pagkatingin ay nakita nilang naigulong na ang bato:sapagkat yao'y sandyang malaki." (Marcos 16:4) Ang mga babae kung saan naghihintay na makita si Jesus, ang kanilang suliranin ay naglaho, at ang bato ay naigulong na, kung ilalagay natin si Cristo na magiging na ang kaguluhan at kasakitan ay maglalahong bigla sa ating buhay.

"5 At pagkapasok sa libingan,ay kanilang nakita ang isang binata na nakaupo aa dakong kanan, na nararamtan ng isang damit na Maputi, at sila'y nangagitla." (Marcos 16:5) Ngayon sila'y pumasok sa libingan, na ang libingan sa panahon na iyon ay malaki, at doon nakilala nila ang anghel ng Panginoon, na nakaupo sa kanan bahagi at nadadamitan ng mahabang damit, at naging sanhi ng kanilang pagkatakot, "6 At sinabi niya sa kanila, Huwag mangagitla:hinahanap ninyo si Jesus, ang Nazareno, na ipinako sa Kris: siya'y nagbangon; wala siya rito: tingnan ninyo ang dakonh pinaglagyan nila sa kanya!" (Marcos 16:6) Ang anghel ay sinigurado sa kanila na huwag silang mangatakot, na maging mahinahon, at ipinahayag sa kanila ang mabuting nakita na hindi nila nalalaman ang epekto ng pagkabuhay ni Cristo.Sinabi niya sa mga ito na si Cristo ay nabuhay mula sa patay, at wala na Siya sa lugar kung saan Siya inilibing.

"7 Datapuwa't magsiayaon kayo, sabihin ninyo sa mga alagad at Kay Pedro, Siya'y nangunguna sa inyo sa Galilean:doon siya makikita, ayon sa sinabi niya sa inyo." (Marcos 16:7) Inutusan sila na pumunta at sabihin sa mga alagad at kay Pedro ang tungkol doon, at Siya si Jesus, ay mauunang pumunta sa kanila sa Galilea para makipagkita sa kanila doon na Kanyang ipinangako sa kanila. Bakit magkikita sila doon sa Galilea? Malamang dahil karamihan sa Kanyang mga alagad at sa Kanyang mga Ginawa ay nasa Galilea at ito ang lugar kung saan sila'y nakatira. Kaya sa pagkikita nila ay doon ipinahayag ang kaniyang pagkabuhay sa maraming bilang ng Kanyang alagad para panumbalikin ang pagasa sa kanila sa pagkabuhay ni Cristo, na sa pagkabuhay Niya, sila at tayo ay mabubuhay mula sa kamatayan katulad ng Panginoon JesuCristo. Sa Galiliea din, dahil ang Kanyang mga

alagad ay nasa Jerusalem para sa kapistahan ng Paglampas at sila'y babalik sa kanilang tahanan sa Galilea, kaya naman kung bakit doon sila magkikita. Bakit nabanggit ang pangalan ni Pedro dito na nakahiwalay? Hindi dahil si Pedro ay bilang tagapanguna, iwinaksi ang Panginoon at maaring siya ay nahihiya at natatakot na pumunta sa Panginoon dahil sa kaniyang ginawa. Sa ganito mensahe, ang Diyos ay inaabot si Pedro at sinsabi Niya sa kanya at sa bawat isa sa atin na itinanggi at iniwan Siya para sa pansariling kagustuhan at ayaw magpakasakit, ay magbalik loob kay Cristo at paglingkuran Siya. Na kung si Jesus ay sinabi kay Pedro at sayo at sa mga nangiwan kay Cristo, kahit pinagtaksilan ako, nagsalita ng masama sa akin, iwinaksi ako, ngunit mananatiling iniibig kita at nais kong magsisi ka at bumalik sa Akin at paglingkuran Ako.

"8 At sila'y nagsilabas, at nagsitakas mula sa libingan; sapagka't sila'y nagsipangilabot at nangagitla: at hindi sila nangasabi ng anoman sa kaninoman; sapagkat sila'y nangatakot." (Marcos 16:8) Ang sitwasyon na nalagay sila ang mga babae ay kakaiba, nakakagulat; mabuting balita ay naroon,  ngunit ang kakaibang karanasan ay naghatid sa kanila ng takot, at kaya kung naman sila'y nagsialis at umalis ng may takot, na hindi sinabi sa simula pa lang ang anuman sa kahit kaninong tao. Angbqging sulat kamay ni Marcos ay nagtapos dito. Ibig sabihin na nasa sayo na kung sasama ka kay Cristo at ang kapanapanabik na buhay na inihanda Niya sayo, o mananahimik na lang at ang pagkabuhay ni Cristo ay mahalaga sa araw ng iyong kalendaryo para ipagdiwang at ang lahat ay nagtatapos dito. Ngunit sa mga pumili na magpatuloy sa ating paglalakbay kasama si Cristo at pumunta kasama Niya sa mga bagay na nais  Niya mula sa atin, ating pagnilayan pa ang Banal na Kasulatan upang matanggap pa ang pagasa at biyaya ng Diyos sa ating buhay dito sa lupa at sa huli sa langit.

"9 Nang siya nga'y nagbangon ng sanglinggo, ay napakita muna siya kay Maria Magdalene, na sa kaniya'y pitong demonyo ang pinalabas niya." (Marcos 16:9) Si Maria Magdalena ay nakipagugnayan pa sa nangyari at sa kanyang  natanggap mula sa mabuting balita. Sa kanya unang nagpakita si Jesus bilang hardinero na mababasa natin sa Juan 20:14-18 “14 Pagkasabi niya ng gayon, siya'y lumingon, at nakitang nakatayo si Jesus, at hindi nalalaman na yaon ay si Jesus. 15 Sinabi sa kaniya ni Jesus, Babae, bakit ka umiiyak? sino ang iyong hinahanap? Siya, sa pagaakalang yao'y maghahalaman, ay nagsabi sa kaniya, Ginoo, kung ikaw ang kumuha sa kaniya, ay sabihin mo sa akin kung saan mo siya inilagay, at akin siyang kukunin. 16 Sinabi sa kaniya ni Jesus, Maria. Lumingon siya, at nagsabi sa kaniya sa wikang Hebreo, Raboni; na ang ibig sabihin ay, Guro. 17 Sinabi sa kaniya ni Jesus, Huwag mo akong hipuin; sapagka't hindi pa ako nakakaakyat sa Ama, nguni't pumaroon ka sa aking mga kapatid, at sabihin mo sa kanila, Aakyat ako sa aking Ama at inyong Ama, at aking Dios at inyong Dios. 18 Naparoon si Maria Magdalena at sinabi sa mga alagad, Nakita ko ang Panginoon; at kung paanong sinabi niya sa kaniya ang mga bagay na ito.”

"10 Siya'y yumaon at ipinagbigay alam sa naging kasamaan ni Jesus, samatalang sila'y nangahahapis at nagsisitangis." (Marcos 16:10) Tumugon siya sa tawag ng Diyos at umalis at ipinagbigay alam sa mga alagad kung saan sila'y nagluluksa at umiiyak para sa kanilang patay na Panginoon at ipinahayag sa kanila na Siya ay nabuhay  na maguli mula sa patay.

"11 At sila,nang kanilang nabalitaan na siya'y nabuhay , at nakita ni Magdalena, ay hindi sila nagsipaniwala." (Marcos 16:11) Hindi sila naniwala sa sinabi niya na Siya ay buhay. Alinman na hinamak ang babae o nangatwiran sa kanilang sarili na iniwan si Cristo at umalis habang inaaresto Siya ng mga Judio.  Huwag kang panghinaan ng loob kung ang mga tao ay hindi naniniwalsa sa iyong sinasabi sa kanila mula sa Salita ng Diyos.

"12 At pagkatapos ng mga bagay na ito ay napakita siya sa ibang anyo sa dalawa sa kanila, nang sila'y nangaglalakad na patungo sa bukid." (Marcos 16:12) Sila'y dalawa sa mga alagad na nasa daan sa Emaus, isa sa kanila ay si Cleopas, at sila'y bumalik sa Jerusalem upang ipagbigay alam sa ibang alagad na mababasa natin sa Lucas 24:13-33 “13 At narito, dalawa sa kanila ay naparoroon nang araw ding yaon sa isang nayong ngala'y Emaus, na may anim na pung estadio ang layo sa Jerusalem. 14At kanilang pinaguusapan ang lahat ng mga bagay na nangyari. 15 At nangyari, na samantalang sila'y naguusap at nagtatanongan, na si Jesus din ay lumapit, at nakisabay sa kanila. 16 Datapuwa't sa mga mata nila'y may nakatatakip upang siya'y huwag nilang makilala. 17 At sinabi niya sa kanila, Ano ang mga salitaan ninyong ito sa inyong paglalakad? At sila'y nagsitigil, na nangalulumbay ang mga mukha. 18 At isa sa kanila, na nagngangalang Cleopas, sa pagsagot ay sinabi sa kaniya, Ikaw baga'y nakikipamayan lamang sa Jerusalem, at hindi nakaalam ng mga bagay na doo'y nangyari nang mga

araw na ito? 19 At sinabi niya sa kanila, Anong mga bagay? At sinabi nila sa kaniya, Ang mga bagay tungkol kay Jesus na Nazareno, na isang propetang makapangyarihan sa gawa at sa salita sa harap ng Dios at ng buong bayan: 20 At kung paano ang pagkabigay sa kaniya ng mga pangulong saserdote at ng mga pinuno upang hatulan sa kamatayan, at siya'y ipako sa krus. 21 Datapuwa't hinihintay naming siya ang tutubos sa Israel. Oo at bukod sa lahat ng mga ito ay ngayon ang ikatlong araw buhat nang mangyari ang mga bagay na ito. 22 Bukod sa rito iba sa mga babaing kasamahan namin na nagsiparoong maaga sa libingan, ay nakapagtaka sa amin; 23 At nang hindi mangasumpungan ang kaniyang bangkay, ay nangagbalik sila, na nangagsabing sila nama'y nakakita ng isang pangitain ng mga anghel, na nangagsabing siya'y buhay. 24 At nagsiparoon sa libingan ang ilang kasama namin, at nasumpungan nila alinsunod sa sinabi ng mga babae: datapuwa't siya'y hindi nila nakita. 25 At sinabi niya sa kanila, Oh mga taong haling, at makukupad ang mga pusong magsisampalataya sa lahat ng salita ng mga propeta! 26 Hindi baga kinakailangang si Cristo ay maghirap ng mga bagay na ito, at pumasok sa kaniyang kaluwalhatian? 27 At magmula kay Moises at sa mga propeta, ay ipinaaninaw niya sa kanila ang mga bagay tungkol sa kaniya sa lahat ng mga kasulatan.28 At sila'y malapit na sa nayong kanilang paroroonan: at naganyo siyang wari may paroroonang lalo pang malayo. 29 At siya'y kanilang pinigil, na sinasabi, tumuloy ka sa amin, sapagka't gumagabi na, at kumikiling na ang araw. At pumasok siya upang tumuloy sa kanila. 30 At nangyari, nang siya'y nakaupo na kasalo nila sa dulang ng pagkain, ay kaniyang dinampot ang tinapay at binasbasan; at ito'y pinagputolputol, at ibinigay sa kanila. 31 At nangabuksan ang kanilang mga mata, at siya'y nakilala nila; at siya'y nawala sa kanilang mga paningin. 32 At sila-sila'y nangagsabihan, Hindi baga nagaalab ang ating puso sa loob natin, habang tayo'y kinakausap niya sa daan, samantalang binubuksan niya sa atin ang mga kasulatan? 33 At sila'y nagsitindig sa oras ding yaon, at nangagbalik sa Jerusalem, at naratnang nangagkakatipon ang labingisa, at ang kanilang mga kasama."

"13 At sila'y nagsiayon at ipinagbigay-alam ito sa mga iba: at kahit sa kanila'y Hindi din sila nagsipaniwala." (Marcos 16:13) Datapuwa't muli, sila'y hindi naniwala, siguro dahil sa kanilang pagmamataas, na si Cristo ay dapat mauna magpakita sa kanila. Si Cristo ay tutulungan tayo na mapagtagumpayan ang balakid na ating pinagdadaanan at kasakitan sa ating buhay at paglilingkuran natin Siya. Gagawin Niya ang tiyak na bagay para harapin sila na sumasalungat sa atin, sa hiindi naniniwala sa atin, at humahadlang sa paglilingkod sa Kanya.

"14 At pagkatpos siya'y nagpakita sa labingisa samatalang sila'y nangakaupong nagsisikain; at pinagwikain sila sa kawalan nila ng pananampalataya at katigasan ng puso,sapagkat hindi sila nagsipaniwala sa nangakakita sa kaniyang pagkatapos na siya'y magbangon." (Marcos 16:14) Sa wakas ipinakita ni Jesus ang kaniyang sarili sa mga alagad na ayaw magsipaniwala at sinaway sila sa kanilang kayabangan. Sila'y nagsisikain sa hapagkainan at mababasa natin sa Lucas 24:36-45 “36 At samantalang kanilang pinaguusapan ang mga bagay na ito, siya rin ay tumayo sa gitna nila, at sa kanila'y nagsabi, Kapayapaa'y suma inyo. 37 Datapuwa't sila'y kinilabutan, at nangahintakutan, at inakala nila na nakakakita sila ng isang espiritu. 38 At sinabi niya sa kanila, Bakit kayo'y nangagugulumihanan? at bakit nangyayari ang pagtatalo sa inyong puso? 39 Tingnan ninyo ang aking mga kamay at ang aking mga paa, ako rin nga: hipuin ninyo ako, at tingnan; sapagka't ang isang espiritu'y walang laman at mga buto, na gaya ng inyong nakikita na nasa akin. 40 At pagkasabi niya nito, ay ipinakita niya sa kanila ang kaniyang mga kamay at ang kaniyang mga paa. 41 At samantalang hindi pa sila nagsisisampalataya dahil sa galak, at nagsisipanggilalas, ay sinabi niya sa kanila, Mayroon baga kayo ritong anomang makakain? 42 At binigyan nila siya ng isang putol na isdang inihaw. 43 At kaniyang inabot yaon, at kumain sa harap nila.44 At sinabi niya sa kanila, Ito ang aking mga salitang sinabi ko sa inyo, nang ako'y sumasa inyo pa, na kinakailangang matupad ang lahat ng mga bagay na nangasusulat tungkol sa akin sa kautusan ni Moises, at sa mga propeta, at sa mga awit. 45 Nang magkagayo'y binuksan niya ang kanilang mga pagiisip, upang mapagunawa nila ang mga kasulatan."

"15 At sinabi niya sa kanila,Magsiayon kayo sa buong sanlibutan, at inyong ipangaral ang evangelio sa lahat ng kinapal." (Marcos 16:15) Pagkatapos na silay sawayin, tinuruan sila at pinanumbalik sila, inutusan sila na umalis at mangaral ng evangelio sa lahat ng nilikha, kasama dito ang lahat ng tao, at ipahayag sa kanila ang pagkabuhay ng Panginoon at kapatawaran sa mga kasalanan sa sinumang magsisi at manunumbalik sa Diyos. Ipahayag ang ebanghelyo sa bawat nilalang ibig sabihin kasama dito kahit na ang halaman at hayop at lahat ng nilikha ng Diyos. Ang halaman at hayop ay walang buhay na walang hanggan, ngunit ang tao ay mayroon, kaya kailangan natin maniwala at sumunod sa Kanya na makakasama natin Siya sa langit at magpakailanman.

"16 Ang sumampalataya at mabautismuhan ay maliligtas;datapuwa't ang hindi sumasampalataya ay parurusahan." (Marcos 16:16) Kung sino ang nanampalataya ay kailangan mabautismuhan sa tubig upang ilibing ang dati nilang buhay sa ilalim ng tubig. Kung sino ang hindi sasampalataya ay hahatulan.

"17 At lalakip ng mga tandang ito sa magsisisampalataya: mangapapalabas sila ng mga demonio aa aking pangalan;mangagsasalita sila ng mga bagong wika;" (Marcos 16:17) Kung sino ang mananampalataya ,ay makakatanggap din ng tanda ng Banal na Espiritu, at ang bautismo ng Banal na Espiritu, na makakapagpaalis ng mga demonyo, at magsasalita ng ibang wika upang maibahagi ang ebanghelyo sa ibang bansa na may iba't ibang wika sa kanila.

"18 Sila'y magsisihawak ng mga ahas, at magsisiinom sila ng mga bagay na makamamatay, sa anomang paraan ay hindi makasasama sa kanila; ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga may-sakit at sila'y magsisi galing." (Marcos 16:18) Ang Banal na Espiritu ay sumasa atin ang Diyos at pinupospus tayo at nagbibigay proteksyon sa karamdaman, mula sa gawa ni Satanas at demonyo at mula sa gawa ng mangkukulam. Ganon din ang bautismo ng Banal na Espiritu ay magagawa natin na maibahagi ang kagalingan ng Diyos sa iba kung ating ipapatong ang ating kamay at ipapanalangin sila.

"19 Ang Panginoong Jesus nga, pagkatapos na sila'y mangakausap niya, ay tinanggap sa itaas ng langit, at lumuklok sa kanan ng Dios." (Marcos 16:19) Dito kung saan itinaas sa langit mula sa Bundok ng Olibo sa Jerusalem na mababasa natin sa Lucas 24:50-53 “50 At kaniyang dinala sila sa labas hanggang sa tapat ng Betania: at itinaas niya ang kaniyang mga kamay, at sila'y binasbasan. 51 At nangyari, na samantalang sila'y binabasbasan niya, ay iniwan niya sila; at dinala siya sa itaas sa langit. 52 At siya'y sinamba nila, at nagsibalik sila sa Jerusalem na may malaking galak: 53 At palaging sila'y nasa templo, na nangagpupuri sa Dios.” at Mga Gawa 1:9-12 “9 At pagkasabi niya ng mga bagay na ito, nang siya'y tinitingnan nila, ay dinala siya sa itaas; at siya'y tinanggap ng isang alapaap at ikinubli sa kanilang mga paningin. 10 At samantalang tinititigan nila ang langit habang siya'y lumalayo, narito may dalawang lalaking nangakatayo sa tabi nila na may puting damit; 11 Na nangagsabi naman, Kayong mga lalaking taga Galilea, bakit kayo'y nangakatayong tumitingin sa langit? itong si Jesus, na tinanggap sa langit mula sa inyo, ay paparitong gaya rin ng inyong nakitang pagparoon niya sa langit.12 Nang magkagayon ay nangagbalik sila sa Jerusalem buhat sa tinatawag na bundok ng mga Olivo, na malapit sa Jerusalem, na isang araw ng sabbath lakarin."

Si Jesus ngayon ay nasa kanan ng Diyos Ama na namamagitan sa atin at ipinadala sa atin ang Banal na Espiritu na ipinangako Niya sa kanyang mga alagad, na magagawa natin paglingkuran Siya, at magtatanggol sa atin, gagabay sa atin at magbibigay sa atin nang ating ibinigay ang ating sarili para paglingkuran Siya.

"20 At nagsialis sila, at nagsipangaral sa lahat ng dako, na gumagawa ng kasama nila ang Panginoon, at pinatotohanan ang salita sa pamamagitan ng mga tandang kalakip.Siya nawa.” (Marcos 16:20) Nais ng Diyos na humayo at magpahayag ng evanghelyo sa kahit saan na ginawa ng mga naunang alagad at pinatunayan Niya ito sa atin sa Kanyang Salita na Siya ay sumasa atin na gumagawa na may palantadaan at kababalaghan.

Sa aking mga minamahal: Sinabi ni Apostol Pablo “Kung sa buhay lamang na ito tayo nagsisiasa kay Cristo, ay tayo sa lahat ng mga tao ang lalong kahabaghabag.” (1 Corinto 15:19) Ang ating pagasa ay na kay Cristo at hindi lamang sa buhay na ito kundi sa susunod na buhay na darating. Dumaraan man tayo ngayon sa kahirapan, kasakitan, pagsalangsang, at paguusig na nakakagawa sa ating buhay na may pinaglahong sakit ngunit kailangan nating manatili na ang ating pagasa sa Diyos ang siyang magbibigay sa atin ng buhay na walang hanggan na Ibinigay Niya sa pamamagitan ng pananampalataya kay JesuCristo, at na makakasama natin Siya. Na tutulong sa atin na makayanan at kumilos at panatilihing mamuhay ng may pagsunod upang makasama natin Siya at makita Siya kapag Siya ay bumalik, at ibangon tayo mula sa kamatayan. Itong ating pagasa kay Cristo at ang epekto ng Kanyang pagkabuhay ay magbibigay kapangyarihan sa atin na ibigay ang ating buhay Kay Cristo at panglingkuran Siya gaya ng pagsangayon para manalangin.

Ang aking Panalangin: Ama naming Diyos ako ay lumalapit sa harapano mo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus sa aking mga kasalanan at nabuhay mula sa kamatayan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan.

Panginoon salamat sa iyong Salita na muling bumuhay sa akin at itinanim muli ang pagasa sa aking puso na mayroon akong lugar sa langit kasama ka. Panginoon ako ay sumasangayon na tanggapin ang bautismo ng tubig, Panginoon pusposin mo ako ng Banal na Espiritu na iyong ipinangako upang ako'y makahayo at gawin ang Gawain mo at mabuhay para sayo.

Panginoon pagpalain ang iyong simbahan at palaguin ito. Panginoon ako'y nananalangin para sa marami pageebanghelyo at maraming mga taong maabot para kay Cristo. Panginoon ako'y nananalangin para sa maraming pang grupo n pagaaral ng Bibliya at mga kapisanan para maitanim. Panginoon pusposin kaming muli ng iyong Banal na Espiritu upang kami'y makapunta at maglingkod sayo at protektahan kami habang kami'y nagtitiis sa paglilingkod sayo. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaaming lahat sa pangalan ni Jesus. Amen.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirituwal na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi ang mesahe sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iyong iba't ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak o pinansyal, mangyaring malayang makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com